

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa mga pagpapala na natanggap mo. Pasalamatang Siya dahil pinagpapala ka Niya ng labis para maging pagpapala ka rin sa iba.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bagay na ayaw mong ipasakop sa Pagkapanginoon Niya. Ipanalangin na kapag ipinakita na Niya sa iyo ang mga bagay na ito, bibigyan ka rin Niya ng kakayahan na bumitaw at piliin ang relasyon mo sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos bilang daan para pagpalain ang mga kapamilya at kaibigan mo ngayong linggo. Ipanalangin na habang ginagawa mo ito, maraming tao ang makakakilala sa kaligtasan na ibinibigay ni Jesus.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

# ALL THAT MATTERS

FILIPINO WEEK 1

## Ang sinabi ni Jesus sa Kayamanan sa Langit

### WARM-UP

- Kung hindi problema ang pera, ano ang unang bagay na bibilhin mo? Bakit mo ito gustong bilhin?
- Ano ang pinakamahal na bagay na binili mo? Gaano katagal mo ito pinag-ipunan?
- Ano ang isang hindi malilimutang regalo na binili mo para sa isang tao? Bakit mo ito hindi malilimutan?

### WORD

*Sumagot si Jesus, "Kung nais mong maging ganap sa harap ng Diyos, umuwi ka at ipagbili ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin."* **MATEO 19:21**

(Basahin din ang **MATEO 19:16-24.**)

Habang naglalakad si Jesus at ang mga disipulo Niya mula sa Galilea papunta sa Judea, isang mayamang lalaki ang lumapit sa kanila at nagtanong kung ano ang pwede niyang gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sinabi ni Jesus, "Kung nais mong maging ganap sa harap ng Diyos, umuwi ka at ipagbili ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin." Nahirapan ang lalaki na tanggapin ito dahil marami siyang ari-arian. Sa kuwentong ito, matututunan natin ang tatlong mga dapat nating piliin tungkol sa materyal na ari-arian.

## 1 Hawakan ng mahigpit o Ipamigay

<sup>21</sup>Sumagot si Jesus, “Kung nais mong maging ganap sa harap ng Diyos, umuwi ka at ipagbili ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo ang pera sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin.” <sup>22</sup>Nang marinig iyon ng binata, umalis siyang malungkot, dahil napakayaman niya. **MATEO 19:21,22**

Hindi magawang bitawan ng mayamang lalaki ang kayamanan niya nang hilingin ito ni Jesus sa kanya. Sa halip, malungkot siyang umalis dahil masyado nang mahalaga para sa kanya ang materyal niyang yaman. Bagama’t hindi masama ang maging mayaman at magsaya dahil sa bunga ng pagtatrabaho natin, ang mga ari-arian, o anumang bagay, ay hindi dapat sambahin o mahalina nang labis. Tayo ay dapat na maging mabuting mga tagapag-alaga ng mga ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, at maging daan ng pagpapala Niya sa iba. May pagkakataon ba na pinili mo ang materyal na ari-arian sa halip na sundin ang utos ng Diyos?

---

---

## 2 Kayamanan sa Lupa o Kayamanan sa Kalangitan

<sup>19</sup>“Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito. <sup>20</sup>Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw. <sup>21</sup>Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso.” **MATEO 6:19-21**

Gustong malaman ng mayaman na lalaki kung paano siya magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Alam niya at sinusunod niya ang mga utos ng Diyos, kung kaya’t sinabihan siya ni Jesus na ipamigay sa mahihirap ang kayamanan niya dito sa lupa. Ang relasyon natin sa Diyos ay nagbibigay ng ibang liwanag sa pagtingin natin sa mga materyal na ari-arian. Ang mga yaman dito sa mundo ay pansamantala lang, at maaaring manakaw ng iba o kaya ay masira. Subalit ang kayamanan sa langit ay nananatili magpakailanman. Paano tayo makapag-iipon ng kayamanan sa langit?

---

---

## 3 Sarili o Diyos

<sup>25</sup>Sapagkat ang taong naghahangad magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang taong nagnanais mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. <sup>26</sup>Ano ba ang mapapala ng tao kung mapasakanya man ang lahat ng bagay sa mundo, pero mapapahamak naman ang kanyang buhay? May maibabayad ba siya para mabawi niya ang kanyang buhay? **MATEO 16:25,26**

Sa huli, pinili ng mayamang lalaki na huwag na lang sumunod kay Jesus dahil mahirap para sa kanya na bitawan ang materyal niyang yaman. Subalit gaya ng sinabi ni Jesus, walang silbi ang pagkakaroon ng lahat ng bagay sa mundo kung mapapahamak naman ang ating buhay. Sinabi ni Jesus na kung iaalay natin ang ating buhay alang-alang sa Kanya, mapapasa-atin pa rin ito. (Mateo 16:24-26). Sa pananampalataya, naniniwala tayo na ang gantimpala natin ay walang hanggan. Magkuwento tungkol sa pagkakataon na pinili mo ang Diyos at hindi ang iyong sarili. Ano ang nangyari?

---

---

## APPLICATION

- Sa ugnayan na mayroon ka sa Diyos, nakalaan ba ang sarili mo sa Kanya at sa layunin Niya sa buhay mo? Kung hindi, gusto mo bang magkaroon ng ganitong ugnayan sa Kanya ngayon?
- Nahihirapan ka bang maging mapagbigay sa ibang tao? Ano sa palagay mo ang pumipigil sa iyo na maging mapagbigay?
- Sa sarili mong paraan, paano ka magsisilbing daan ng pagpapala ng Diyos sa ibang tao? May tao ba na sinasabi ang Diyos na bigyan mo ng biyaya ngayong linggo?